DISYEMBRE 2023

# TILA DYORNAL
## TEKSTO-OBJEK



ISYU 2

KRITISISMO:
**HINGGIL SA “NAGSASARILING SINING”**
*at ilang anotasyon*

# Hinggil sa Nagsasariling Sining

*"Ang anyo ay ang bakas ng kawalang-kaanyuan."* - PLOTINO

Inlab na inlab ako sa originality gusto ko itong kopyahin.
- CARLOS AGASSI BERNSTEIN

NASALANG na sa di-mabilang na interogasyon ang usapin ng relasyon ng sining sa pulitika. Bagama't may ilan pa ring kuntentong ibuod ito sa di mamatay-matay na dualismong "art-for-art's-sake" vs "commited art", malinaw na nahinog na ang mga kritikismong itinanim sa kalagitnaan ng ika-20 siglo at binasag ang mga estetiko-apolitikal-indibidwalistang aparisyon ng nauna. Hinggil naman sa pangalawa, silang mga malay sa esensyal na pagkapulupot ng sining sa mga panlipunang reyalidad ay patuloy na nagpapalago ng mga mas malulusog na praktika habang malay na iniiwasang mahulog sa sloganismo.*

Awake Anak, Gumising Ka.

[2] Ngunit sa pangalawa ay mayroon ring mga ideolohikal na biyak. Sa isang banda, nananatili ang propagandistang tradisyon na tinuturing ang sining bilang instruktibong daluyan ng ahitasyon.

*Isa ring tipo ng ideyalismo, dahil tinuturing nito ang propaganda at pagmumulat bilang hiwalay sa buhay at sining at tinuturing lamang ang mga ito bilang usapin ng suhetibidad, kaya't napag-iiwanan ang usapin ng anyo).

Sa kabilang banda, mayroong mga nagpapahayag ng agam-agam hinggil sa awtentisidad ng sining at ng mga linyang dinadaluyan nito, at humihingi ng bagong bokabularyo ng paglikha na, ayon sa kanilang pamantayan, ay mas masinsing masusuri ang lipunan at makahuhulagpos sa domestikasyong pulitikal.

3 Para sa mga artistang minahalaga ang awtentisidad ng kanilang mga likha, malaking usapin ang (1) ko-optasyon o reteritoryalisasyon ng kanilang sining sa pamilihan at iba pang muog ng kapangyarihan, at (2) ang pagpatag sa sining bilang isa lamang ispektakular na kalakal. Sa lipunang ang sining ay tinuturing lamang bilang palamuti o di kaya ay social media content, mabigat sa loob ng ilang artista na ang kanilang mga likha - ang ekstension ng kanilang danas at buhay - ay pagpapasa-pasahan lamang ng mga bilyunaryong may-ari ng mga plantasyon at mga negosyong humuhuthot sa lakas-paggawa ng laksa-laksang manggagawa. Mas malala pa kung mainstrumentalisa ang kanilang mga likha para sa mas malaon pang pagsasamantala.

4 Sa tabing ng disilusyon na ito sumulpot ang usapin ng awtonomiya o pagsasarili ng likhang-sining. Sa pag-aasam na maghatid ng mga signipikanteng latay sa nabubulok na kulturang mala-kolonyal at mala-pyudal, may mga manlilikha na ni-rekonseptuwalisa ang sining hindi lamang bilang larangan ng digmang propaganda, kundi bilang matabang lupa para sa

Sa simula ng rebyu ni Mix Villalon sa Binhi ng Paglaya ni Amanda Echanis, ang kumplikadong relasyon ng Pilipinas sa mga manunulat: "The general attitude sees writers (and a lot of artists) as adornments: nice to have, mildly impressive, subtly communicating an elevated taste, but overall unnecessary." Hindi kailangan maliban kung mapapakinabangan ng kapital, ng malalaking negosyo, ng mga "negosyong humuhuthot sa lakas-paggawa ng laksa-laksang manggagawa."



pagpapa-usbong ng tunay na bago at radikal na kultura. Upang maisakatuparan ito, kinailangang labagin ng manlilikha ang lohika ng ispektakularisasyon at komodipikasyon at magdeklara ng schismo sa lumang kultura. Samakatuwid, ang magiging primaryang tungkulin ng radikal na manlilikha ay ang paggiit sa kanyang soberanya at ng kanyang likha.

5 Laganap ang konsepto ng pagsasarili sa larangan ng kultura, at makikita ito sa iba't-ibang kasidhian o intensity, mula sa konserbatibo (ang tradisyunal na "sining-para-sa-sining") hanggang sa radikal (mga samu't-saring timpla ng anarkismo at libertaryanismo).

6 Isa sa mga komprehensibong modelo ng pagsasarili ang inilatag ni A. Suarez na binansagang niyang "konstruktibismong sinariwa ng Maoismo."* Mula sa impluwensiya ng 20th siglong avant-garde, konseptuwalismo, institutional critique, at nilangkapan ng pambansa-demokratikong pampulitikang oryentasyon, ang modelo ni Suarez ay nakatuon sa paghawan ng espasyong nagsasarili para sa isang tunay na mapagpalayang na likhang-sining.

7 Upang maigpawan ang dualismong "art-for-art's-sake" vs "commited art", binuklat ni Suarez ang likhang-sining upang ibunyag ang mekanismo nito. Sa halip na muling sumandig sa binaryong anyo vs nilalaman (form vs content), sinalarawan niya ang nilalaman, ang subjectividad ng likha, bilang isa lamang function ng anyo, na siya namang mukha o front-end ng negatibong pagsasamundo nito ng mundo/lipunan.

8 Para kay Suarez, ang paglik-ha ay hindi lamang repleksyon ng mundo kundi isang proseso ng pagpapairal ng isang negatibong espasyo sa loob mismo ng lipunan.


*Suarez, A. "Art Serves the Masses by Abolishing Itself" *Jacket2*. https://jacket2.org/article/art-serves-masses-abolishing-itself



Negatibo, dahil ang repleksyon ng sosyalidad ng sining ay hindi na lamang tumutukoy sa mga materyal na bagay na pinagtagpi-tagpi upang malikha ito, kundi ang kabuoan ng materyal na lipunan kung saan ito umusbong. Ang likhang-sining, bagkus, ay hindi lamang ang suma-total ng mga hilaw na materyales na minobilisa upang ito ay malikha (pintura, metapora, tunog, ideolohiya, ang sinasambit nitong subjectividad, atbp). Maaari nating isalarawan ito bilang isang **siwang** na may nagsasariling kairalan at may sinusunod na sariling mga batas.

Matuturing na pinsang ideya nito ang "temporary autonomous zones" (TAZ) ni Hakim Bey: "an uprising which does not engage directly with the State, a guerrilla operation which liberates an area (of land, of time, of imagination) and then dissolves itself to reform elsewhere/elsewhen..." Ayaw magpahuli sa namamayaning kapital o estado, hindi rektang tumutunggali rito. Kaugnay ng matagalang digmaan, maaaring mailugar ang TAZ bilang ka-parallel ng, o posibleng maipaloob sa matagalang digma.

9 Nasasalamin ng likhang-sining ang lipunan, hindi sa isang causal na relasyon (lipunan ➡ sining ➡ lipunan, ad infinitum, tulad ng pagtalbog ng mga photon sa makinis na mukha ng salamin upang palitawin ang mirror-image ng bagay), kundi bilang negasyon o anino nito. Ang audience o kritiko ay maaari lamang kapain ang kalibutan o outline ng siwang; hindi nila mahihipo ang siwang (ito ay isang butas o negasyon ng espasyo). Ngunit binibigyan siya nito ng kalinawan hinggil sa kasalukuyang kaayusan dahil lumilikha ang siwang ng mga marka o uka sa makinis na kapatagan ng lipunan. Nagsisilbing panandang-bato o landmark ang mga ito para sa mga nais na i-mapa ang tanawin. Samakatuwid, ang sosyalidad ng likhang-sining ay matutumbok sa pagiging



**Nagsisilbing lagusan ang siwang na nalilikha ng sining ng mga bagong porma ng pagkabaliw.**

'labas' (xeno-ontolohikal) nito sa mga batas ng tinuturing na 'reyalidad.'

10 Dahil din dito, may angkin itong grabedad na humihila sa mga nag-aasam ng 'Iba.' (Samantala, ang ispektakular na komoditi sa Pamilihan ng Atensyon ay kuntento na sa 'kakaiba' ngunit hindi naman tunay na 'Iba', dahil ang atraktibong puwersa nito ay iterasyon lamang ng namamayaning lohika ng pamilihan - kung ano ang popular at maaaring maging popular - na ang tanging layon ay humakot ng atensyon na maaaring ma-monetisa).

11 Sa ganitong konseptwalisasyon, nagsisilbing lagusan ang siwang na nalilikha ng sining ng mga bagong porma ng pagkabaliw. Ginagawa nitong di-pamilyar ang pamilyar, di-karaniwan ang karaniwan. Bilang 'baligtad na salamin' ng lipunan, ang negatibong espasyo ng sining ay nagsisilbing matris ng mga bagong ideya at paraan ng pag-iisip at kairalan na maaaring taliwas sa namamayaning mga kaayusan.

12 Ngunit malaki ang hinihingi ng nagsasariling sining bago ito matagumpay na makairal. Tulad ng anumang bagay, kailangan nito ng malayang oras ng paglikha, lakas-paggawa, pinansya, support network, at iba pang

materyales na hindi agad mababatid sa kaanyuan ng likhang-sining.

13 Sa "bagong konstruktibismong sinariwa ng Maoismo" ni Suarez, hindi hiwalay ang mga ito sa mismong likhang-sining. Bagkus, ang likhang-sining ay hindi lamang ang finished product kundi ang lahat ng mga sangkap at ang buong proseso at kalagayan na na-transporma para ito ay makairal. Samakatuwid, ang tunay nitong nais na i-transporma ay ang lipunan sa kabuoan. Ang nalikhang sining ay isa lamang surplus ng nangyaring molecular na re-formatting ng lipunan.

14 Dahil dito, napaunlad ng ganitong modelo ang usapin ng anyo sa pulitikal na art dahil sinusuri nito, hindi ang "sinasabi" ng likhang-sining, kundi ang mga syntax at coordinates nito. Saan/kanino ito nagmula? Ano ang mga salik na sumusuhay sa patuloy nitong pag-iral? Kinakabig nito ang kritisismo ng likhang-sining mula sa pagsipat sa mga projeksyong nililikha ng artista bilang salamangkero ng Kabuluhan at binubunyag ang mismong mekanismo ng makinasyon.

Anong mga kalagayan ang nagtulak upang ito ay umiral?

15 Para naman sa manlilikha, nagbubukas ito ng mas marami pang "materyales" para sa paglikha. Sa halip na magkasya sa pintura, tunog, o mga metapora, materyales ding maituturing ang marginalia o mga kontekstuwal na salik - ang pampublikong personahe ng lumikha (na ang materyal na manipestasyon ay ang bio-note), ang marketing ng likhang sining sa pamilihan ng atensyon, ang mga nagpondo at mga daluyan ng pagpopondo sa likhang-sining, ang logistics ng migrasyon ng sining mula sa isang espasyo patungo sa isa pang espasyo, at marami

Marginalia bilang nilalaman din: tanong ni U bakit kailangan pa ang Intro ni Ben Anderson sa salin ni Bomen sa Hinggil sa Konsepto ng Kasaysayn ni Benjamin: "Para magbigay ng lehitimasyon sa proyekto ni Guillermo? 'Puti akong nagsasabing nahuli ni Guillermo ang pinagsasabi ng kapwa ko puti.' Buti sana kung Alemang marunong magfilipino ang maginoong ito, pero minsan ang may kultural na kapital ang may kultural na kapital" (225). Heto ang paggana ng "support network," ng iba pang uri ng kapital na nagdaragdag sa halaga ng isang libro.

Sa gayon, makalalampas sa tinawag ni U Eliserio na "nilalamanismo." Binanggit niya ito kalakip ng pagpuri sa librong Tagalog Bestsellers ni Patricia Jurilla. Ayon kay U, sa kabuuan, "nakakapanibago, sa positibong saysay" ang libro ni Jurilla. "Pinakanakakabigla na rito ang kanyang argumento na may bestsellers sa Filipinas. Ang kanyang pagbibigay kahulugan sa bestseller bilang isang librong nabenta ang print run sa loob ng isang taon ay humihiling ng isang malawakang rekonseptwalisasyon sa kritiko ng kultura. Isa pa, naiiwasan ni Jurilla ang panganib na bumibitag sa karamihan sa mga kritiko, na maaaring tawaging nilalamanismo" (160-1).



pang ibang salik na tinuturing na labas sa usapin ng anyo at nilalaman ng mismong likha, o di kaya'y sadyang isinasantabi. Minamahalaga ito ng nagsasariling artista dahil ang mga ito ang lumilikha ng 'awra' o, sa wika ni Marcel Duchamp, ng 'infra-thin', na siyang nagbabasbas sa isang karaniwang kubeta, o karaniwang saging, o ng isang pumpon ng mga salita, ng status na "likhang-sining."

16 Sa isang bigwas, pinaabante nito ang diskuro sa panahong "kahit ano puwede na maging art" at ibinunyag na ang status ng pagkasining ay isang ideolohikal na konstruksyon na maaaring distrungkahin. Iniigpawan nito ang romantisasyon ng indibidwal na artista bilang propeta ng Katotohanan, at sa halip ay tinutulak ang mismong audience na sipatin at hubdan ang baluti ng "normalidad" na tinatago ang mga nanlilimahid na aparato ng kontrol at pagsasamantala sa ilalim nito.

17 Ito ang ubod ng pulitika ng nagsasariling likhang-sining - ang pulitikal na tindig ng isang likhang-sining ay masusukat hindi sa mga sinasabi nito kundi sa antas nito ng awtonomya - sa kakayanan nitong umiral na labag sa lohika ng pamilihan at kapakinabangan. Sa madaling salita, sa kapitalismo na siyang tinuturing nitong mortal na kaaway.

Kasi naman, ang pagkasi ko sa kapital ay masikhay.

Sa "Minanikang Makina," retorikal na binaligtad naman ni Tilde ang pagbubunyag sa makinasyon: "Tinurnilyo ko ang iyong mga/ mata upang manatili ang pagtingin mo/ sa akin, ...kinadena ang mga bisig at mga binti,/ binihisan ng baluting panangalang sa 'yong/ sariling/ tinikladong programa ang mga dapat at hindi,/ haram at halal, heretiko at/ sagrado,/ at nilagusan ng bakal ang laman, ng kurdon ang/ ugat, ng algoritmo ang kukote. Minakina ang/ pagkasi."

18 Disilusyon sa mga naghahari-hariang institusyon at matalas na pulitikal na kamalayan ang nagtutulak sa mga manlilikha na itindig ang kanilang praktika na may nagsasariling oryentasyon. Ngunit lumilikha rin ito ng mga sintunado o dissonant na relasyon sa pagitan ng manlilikha at sa sining, at sa pagitan ng mga 'utopyan' niyang aspirasyon at ng kaniyang tendensyang nihilistiko o mapagduda.

19 Bagama't pinagpupunyagi nito ang mga likhang-sining na kayang magsarili, kaakibat nito ang pagturing sa mismong akto ng paglikha bilang isang "pribilehiyo" na may iba't-ibang antas ng "komplisidad".

20 Sa proseso ng ebakuwasyon ng suhetibidad ng manlilikha mula sa vacuum na nilikha ng sining patungo sa mga reyalidad na pumapalibot dito, nagiging mas malay ang manlilikha sa eksternal na pag-foformat ng kanyang hinaharayang indibidwalidad at sa pantasya ng uniqueness ng kanyang likha. Sa paglikha ng sining na mas binibigyang-halaga ang proseso ng signipikasyon sa halip na ang indibidwal na suhetibidad ng manlilikha, pumapailalim siya sa proseso ng self-decoding at disintegrasyon, at mababatid niya na ang kanyang sarili, ang kanyang likha, at maging ang mga materyales ng paglikha dito, ay napapasailalim sa mga mas makapangyarihang algoritmo ng kontrol. Tatambad sa kanya ang libu-libong parametro na sumasakmal sa kanyang ilusyon ng soberanya - ang presyo ng papel, pintura, computer, at internet subscription; ang upa, pamasahe at bilihin na kailangan niya upang mabuhay sa araw-araw, ang pamumulis ng estado at lipunan sa kaniyang boses, estilo ng pananamit, kasarian, pag-iisip, pananalita, atbp. Balisa mula sa traumatikong proseso ng pagkamulat, nagiging hyper-vigilant ito sa kanyang mundong ginagalawan.

Pagsakmal sa nananakmal. Mula sa "Nada. Nothing" ni Heriberto Yepez: "'How come your English is so good, sir?' He's trying to know if you have illegally worked in the US but are trying to cross as if you were just one more tourist today. 'Living in Tijuana makes it easier for one to speak English.' 'And why is you English so good, sir? Where did you learn it?' Do not explain that you learned English directly from American bodies. That may get you in trouble. You must show yourself as someone who usually is around Americans and is familiar with English. If you do so, you may appear as someone who works for them and receives orders and often responds to Americans" (18).

[21] Bagama't binibigyan rin nito ng kalinawan ang kabuoang saklaw ng materyalidad ng paglikha at ang pundamental nitong relasyon sa ekonomya at pulitika, may dala itong panganib ng nihilismo para sa manlilikha. Halimbawa, nagiging target ng kanyang pagdududa ang sinumang tagumpay na makalikha sa kabila ng lahat ng tangka ng pag-kontrol (maliban kung 'napatunayan' na ng pangalawa ang kanyang 'awtentisidad'). Bagkus, ang awtentisidad ay nagiging isa, kung hindi man pinakaminamahalagang, "materyales" sa paglikha ng nagsasariling sining.

Ito ang ugat ng diskursong naka-sentro sa pseudo-dayalektiko ng awtentisidad vs komplisidad.

[22] Bitbit nito ang mala-multong konsepto ng pribilehiyo. Ang usapin ng pribilehiyo ay ang duling na pagsipat sa masalimuot na proseso ng dominasyon mula sa lente ng indibidwal. Sa halip na isalansan ang danas ng pagkaalipin bilang bahagi ng isang kabuoan, nagkakasya ito sa makitid na partikularidad ng indibidwal na danas ng dominasyon at sa (kawalan) ng kapasidad ng sining na kumawala dito.



[23] May angking panganib ang ganitong kakitiran ng diskurso. Una, pinalalabnaw nito ang dominasyon bilang usapin ng metapisikal na aksidente ("buti pa ang mga burgis / puti / lalaki / taga-Maynila / *x* = hindi pinanganak sa Pilipinas / hindi mahirap / hindi *y*, samantalang ako ay *z*."). Pangalawa, ginagawa nitong metapisiko-moral na usapin ang komodipikasyon at kapitalismo na, sa huling suri, ay lubos na apatetiko (sa katanuyan, ang apathy ng kapitalismo ang pinakamabisa nitong armas). Dahil dito, maaaring mahulog ang manlilikhang nag-aasam ng pagsasarili sa resentimiento o sama ng loob sa mga indibidwal na may "pribilehiyo", sa halip na sa mga kundisyong nagluwal dito.

Paano sinalin ni U ang "ressentiment" ni Nietzsche? "Sa simula'y sinubukan kong iwan sa Pranses ang 'ressentiment' dahil nga binibigyang-diin ng lahat (mula sa nagsalin sa Ingles kay Nietzsche na si Walter Kaufmaan, hanggang sa mga iskolar na babad sa kanyang juvenilia at nachlass) na susing salita ito sa kanyang pilosopiya. Itinanong ng aking gurong si Dr. Nilo Ocampo kung may naisip akong ibang katumbas para rito, at sabi ko'y opsyon din ang 'hinanakit' at 'sama ng loob.' Sa pinakahuli kong bersyon, 'sama ng loob' ang gamit ko. At ngayong nabasa ko na si Vermeer... papanatilihin ko nga ang 'sama ng loob' dahil alam ko kung sino ang nagkomisyon ng salin (ako) at kung bakit kinomisyon ito (para ipakilala si Nietzche sa mambabasang Filipino sa wikang Filipino). Bakit ko nga naman papanatilihin pa ang salitang Pranses na kakailanganin pang bigyang-kahulugan at baka magsilbi pang harang sa pagbabasa ng teksto? Lampas sa katapatan kay Nietzsche, kailangan kong maging tapat sa aking salin" (230).

[24] Sintomas ito ng depresyon na dinaranas ng sinumang nagnanais na maging manlilikha ngunit dismayado sa komersyalisadong estado ng sining. (Hindi kataka-taka na may mga nananawagan na "patayin" na raw ang sining, musika, pelikula, o panitikan, habang patuloy pa rin ang pakikialam dito).

[25] Kaya naman kadalasan, nauuwi ang usapan sa "komplisidad" o paratang na kapitulasyon na tinuturing na pinakamalaking kasalanan ng manlilikha. Upang makaiwas sa "komplisidad", natutulak ang ilang petiburgis na artista na mag-isip, halimbawa, ng mga "alternatibong ekonomya" ng sining. Palasak na rin sa kritikal na polemika ang "pagiging malay sa pribilehiyo", "self-reflexivity," "radikal na transparency," at iba pang paraan ng pagbubunyag-sa-sarili, na siya namang naging remedyo ng mga artistang madalas tumawid sa mga tradisyunal na institusyon ng Gallery-Akademya-Publishing Complex at sa "underground."

[26] Bagama't sila'y malayong mas abante sa mga manlilikha't manunulat na patuloy na nangungunyapit sa mga pyudal na institusyong pangkultura at mga 'alagad ng sining' na winawasiwas ang kanilang naghuhumindig na "mastery of the craft", marapat tandaan na ang self-reflexivity ay unang hakbang lamang at hindi ang destinasyon ng paglikha.

[27] Totoong nangangailangan ng tapang at paninindigan ang ganitong mga taktika ng paglaladlad. Ngunit maliban sa pangangamoy "middle-class guilt", may mas malalim na implikasyong ideolohikal ang ganitong diskuro hinggil sa "komplisidad." Tila ba ang artista at manunulat na hindi pinalad na ipanganak bilang manggagawa ay dapat na mangumpisal at magpenitensya sa harap ng kanyang audience upang maipakita ang kanyang sinseridad. Samantala, dahil siya ay hindi rin pinalad na ipanganak na may "pribilehiyo", ang nagiging social impetus ng kanyang paglikha ay ang paggigiit sa piksyon ng awtentisidad na, tulad ng nabanggit, ay hindi naman talaga umiral sa simula't sapul.

[28] Sipatin, halimbawa, ang sipi na ito mula sa sanaysay:

> ".. anumang sining na agarang tinanggap ng uring panginoong may-lupa, ng burgesya, at ng petiburgesya, ay hindi sasapat. Ito ay taliwas sa interes ng mga manggagawa at magsasaka."

[29] Isang tanong ang agad na dapat ihapag - ano ang ibig sabihin ng "agarang tinanggap" ng mga naghaharing uri? Kung may mulat mang artista o manunulat ang makatanggap ng pagkilala mula sa mga institusyon ng mga naghaharing uri, nangangahulugan ba ito na

**Maaaring mahulog ang manlilikhang nag-aasam ng pagsasarili sa resentimiento o sama ng loob sa mga indibidwal na may "pribilehiyo", sa halip na sa mga kundisyong nagluwal dito.**
(Talata 25)



sila ay kaaway na sa uri ("taliwas sa interes ng manggagawa at magsasaka")? Ang mabilis na sagot, kung sa panuntunan ng nagsasariling sining, ay oo, dahil ang pagtanggap ng naghaharing-uri dito ay marka ng komplisidad nito.

30 Ngunit sino ba ang hindi "complicit" at tunay na radikal? Infantile at walang patutunguhan ang pagbibilangan ng puntos ng awtentisidad sa mundong ganap nang sinakmal ng relasyong komoditisado. Maging ang mga modernista at avant-garde ay lubusan nang napailalim sa lohika ng kalakal. Ito lamang ay patunay na walang anumang bagay at anyo ng mga bagay ang makaliligtas sa galamay ng komodipikasyon. Bagkus, walang dahilan nating inihihiwalay ang mga artistang may popular at institusyonal na audience para lamang sa isang pamantayan na wala naman talagang lubos na makapapasa.

31 Kuwestiyonable din ang paghahanay sa petiburgesya sa mga panginoong may-lupa at lokal na burgesya bilang bahagi ng mga naghaharing-uri. Bilang uring namamagitan sa pambansang burgesya at masang anakpawis, ang petiburgesya ay susi sa pagtabig sa balanse ng kapangyarihan patungo sa

direksyon ng rebolusyon. Tulad ng anumang uri, ang petiburgesyang Pilipino, bagama't burgis sa esensya, ay saklot ng kontradiksyon. Ngunit sa yugto ng pambansa-demokratikong pakikibaka, napakalaki ng kanilang maaaring maiambag sa pagbabago ng lipunan at paglikha ng bagong kultura. Higit sa lahat, nasa kanilang interes ang pagsanib sa masang anakpawis. Sa pagtatagumpay lamang ng rebolusyon nila maaabot ang aspirasyon na kapanatagan at makatakas sa agam-agam ng walang katiyakan o precarity.

Tapat sa kanilang uri? Sa Kanluran, kwento ni James Scott sa Two Cheers for Anarchism, "right up until the end of the 19th century, artisans--weavers, shoemakers, printers, masons, cart makers, carpenters--formed the core of most radical working-class movements." Hindi ba matatawag ring peti-b ang kalakhan ng mga Katipunero--mga manggagawa, mga nasa serbisyong civil, mga nasa munisipyo? "As an old class, they shared a communitarian tradition, a set of egalitarian practices, and a local cohesiveness that the newly assembled factory labor force was hard put to match" (95).

32 Hindi kataka-taka na ang karamihan, hindi man lahat, ng mga manlilikhang inaambisyon ang pagsasarili ng sining ay mula rin sa gitnang uri. Malaki (at lubhang talamak, lalo na sa hanay mismo ng mga intelektuwal) ang pagkakamali na ituring ang uring petiburges bilang palagiang reaksyonaryo.* Isa na naman itong sintomas ng tendensyang penitensyador ng "petiburges na may konsensya" kung saan mapait niyang ipino-projek ang dahas-sa-sarili bilang dahas-sa-kauri, sa halip na ituon ang lakas sa pagkabig sa kanila sa direksyon ng paglaban.**

### MAKA-SINING NA PAGPAPATIWAKAL

33 Kaugnay din ng konsepto ni C. Cruz ng radikal na "pagka-inutil" ng tula, bahagi rin ng modelo ni Suarez ang mga "istratehiya ng pagkabigo" na, dimalaon, ay dudulo sa pagkalusaw mismo ng sining at ng karangalan na matawag na artista.

---

*Gayunpaman, hindi ibig sabihin nito na walang petiburgis na kaaway. Marami, halimbawa, ang piniling maging ahente ng mga kontra-mamamayang ahensya tulad ng NTF-ELCAC, ng AFP-PNP, at iba pang reaksyonaryong puwersa. Ngunit tandaang maging sa loob ng mga ito ay may mga biyak at kontradiksyon na dapat na sinasamantala sa labanang pulitikal.

**May ilang indibidwal na komentador ang allergic sa salitang 'hamig' dahil, diumano, ang primaryang tungkulin ng kritisismo ay ang pagpapaigting ng antagonismo o pakikipagtungali. Ngunit kahit sa klasikal na modelo ng diyalektika, ang 'tunggalian' at 'pagsasanib' ay iisa at magkatambal sa dinamismo ng pag-andar ng kasaysayan.

34 Dahil ang paglikha ng sining ay komplisidad, walang ibang dapat asamin ang artista kundi kalasin ang kanyang praktika at tanggapin ang pagkabigo nito.

Ayon kay Suarez:

> Ang pag-aasam ng sining ng awtonomiya ay tiyak na mabibigo sa lubos at agarang pagtanggap dito ng mga kaaway sa uri.. Bagkus, ang progresibong makata na kinikilala ang kaniyang komplisidad ay maaari lamang makasumpong ng isang makabuluhan - kung di man ang tanging makabuluhan - na praktika sa institutional critique. Sa institutional critique, ang makata ay humahantong sa mga "istratehiya ng pagkabigo."

35 Kung ang susunding pamantayan ng radikal ng sining ay ang kawalang-bahid ng komplisidad o kompromiso, hindi kataka-taka na ang sinumang sumubok na abutin ang pamantayang ito ay mabibigo.

Mula sa isang koleksyon ng mga tulang nahanap online: "hindi tula ang magpapanalo sa digma/ pero digma ang magpapalaya sa Tula."

36 Ngunit mapanganib ang ganitong mala-Sisyphus na romantisasyon ng pagkabigo ng radikal na sining. Bagama't walang mali sa transparensya at pagbubulatlat ng sarili at ng kalagayan ng paglikha sa pagpapatalas ng kritisismo, lubha nitong pinaliliit ang arsenal ng armas ng artistang lumalaban sa ngalan ng ideyalistang haka-haka ng dalisay at lubos na nagsasariling sining ("ang tanging makabuluhang praktika").

37 Dagdag pa nito, ang proyekto ng "pagbabago ng buong lipunan" - isang palaging tumatakas na abot-tanaw (horizon) - ay masyadong mataas at abstraktong ambisyon para sa isang likhang-sining. Dahil dito, ang sariling mga kontradiksyon ng manlilikha ang magsisilbing zero-point at end-point ng kanyang kritika. Malaki ang panganib na mahulog ang manlilikha sa kumunoy ng sarili niyang mga kontradiksyon at hindi na makatakas rito.

38 Ika nga ng matandang kasabihan, “Walang ipinanganak na pula.” Ang mga usaping ito - ng awtentisidad at komplisidad - ay hindi dapat na primaryang usapin para sa isang progresibong artista o manunulat. Sa halip, dapat kinikilala nito ang kahalagahan at potensyal ng lahat na uri ng produksyong pangkultura, cool man o baduy (kaninong pamantayan?), abante man o nahuhuli, sa lahat ng sulok at tugatog ng lipunan, dahil lahat ng bagay ay pinatatakbo ng kontradiksyon na may indibidwal at pangdaidigang saklaw. Sa katunayan, ang kontradiksyon na nasa kaibuturan ng bawat bagay, kabilang na ang artista, ang puso ng transpormasyon.

39 Magsisimulang mahulog sa ideyalismo at mag-rigor mortis ang sinumang tinuturing ang sarili na progresibo sa oras na hatiin niya ang lipunan sa mga “tunay na radikal” at mga “may sala” o komplisit, batay lamang sa mga inflexible at napakataas na mga pamantayan. Sa sining man o sa pulitika, nangangailangan ng masinsing panlipunan at maka-uring imbestigasyon bago natin masusukat kung ang isang tao ba ay kaibigan o kaaway sa uri, at hindi batay lamang sa kanyang partisipasyong pang-kultura.

40 Ang ideyalistang estetika ng nagsasariling sining ay nagmumula sa burges na



pantasya na mabuhay labas sa kontradiksyon, kung saan hindi niya kinakailangang umangkop, magbago, at makipagkompromiso batay sa kakayahan at kalagayan. Ito mismo ang kahulugan ng "burgesya" - ang akumulasyon ng sapat na kapital na binibigyan ng kalayaan ang isang indibidwal na magsarili at mamuhay na nakalutang sa mga reyalidad ng pakikipagtunggali. Ang "maliit" o petit na burges, mulat man o hindi, ay palagiang nasasaklot ng aspirasyon - at kontradiskyon - na ito.

Balikan ang sipi kay James Scott sa pahina 14. Attributed sa petty-b ang dinadakilang (paghahangad sa) autonomy. Maaaring ipaloob ang paghahangad na ito sa isang kolektibong kilusan, bagay na malabong irekomenda ng anarkistang si Scott.

## ANG TUNAY NA MALAYANG MARTIR SA PUNTOD NG HENYO

41 Dagdag pa nito, sa halip na puksain ang romantikong ideya ng indibidwal na Henyo - ang ideya na ang manlilikha ay nakatataas sa iba - binibihisan nito ang Henyo sa mas sopistikadong pananamit. Bagama't nalumpo na ng modernismo ang sinaunang ideya ng manlilikha bilang Indibidwal na Henyo sa pamamagitan ng iba't-ibang teknik ng pagdududa at desentralisasyon, nananatiling buhay ang ideyang ito dahil sa paglalagay nito sa pedestal ng isang abstrakto, ideyal, at, sa huling suri, aspirasyunal na imahe ng manlilikha bilang "tunay na malayang martir."

42 Dito matatagpuan ang krisis sa ganitong modelo ng sining, dahil alam nating lahat na walang tunay na malaya sa ilalim ng kapitalismo. Kahit ang mga kilusang mapagpalaya, kahit ang mga armadong gerilya-artista sa kanayunan - sila ay nananatiling napapailalim sa sistemang patuloy na namamayagpag. Kung ating susukatin ang kanilang mga likhang-sining sa pamantayan ng "pagsasarili," hindi natin lubos na mabibigyan ng hustisya ang kabuluhan ng kanilang praktika.

43 Bagama't may ilan na may malay na mga pagtatangka sa maka-anyong inobasyon,




marami sa kanila ang patuloy na gumagamit ng mga popular na anyo at mga materyales na likha ng mga 'kaaway sa uri', at patuloy ding sumasawsaw sa mga namamayaning institusyong pang-sining upang idirehe ang mga rekurso nito patungo sa direksyon ng rebolusyon. Ito ay dahil kinikilala nila ang kahalagahan ng pakikisangkot sa anumang larangan. Sa halip na tumakas sa lipunan at magkasya sa mga "nagsasariling" espasyo (safe space?) kasama ang mga kapantay nila ng antas ng kamulatan, aktibo silang nakikisangkot sa bawat maliliit at malalaking larangan, tinatransporma ang mga ito batay sa kasulukuyang kakayahan, binabangga ang mga atrasadong ideya at praktika at pinagyayaman naman ang mga abante, habang unti-unting lumilikha ng bagong kultura kasabay ng pagtatayo ng bago at mas makatarungang lipunan. Ito ay isang mabagal, granular, at demokratikong proseso ng pagbabago ng kultura at Buhay.

[44] Panghuli, hindi rin makatarungan na sukatin ang kabuluhan ng paglikha batay lamang sa kanilang hinaharayang 'posisyonalidad.' Ang husay, talas, ganda (anumang pagpapakahulugan

Mula sa Kami sa Lahat ng Mataba: "Ang paradohang ito'y maipapaliwanag ng isang punto mula sa The Communist Manifesto: ang kapitalismo'y ang pinakamahusay at pinakamalalang sistemang posible, kung saan nalilikha ang pinakamahusay at pinakamalala (halimbawa, nakapagpadala na ng tao sa buwan at mayroon pa ring namamatay dahil sa malaria. Sa sosyalismo, iwawaksi ang pinakamalala at dadalhin ang pinakamahusay" (22).

dito) at kabuluhan ng isang likhang-sining ay hindi nakabatay sa antas ng “kalayaan” ng lumikha at ng paglikha nito, kundi sa mga sariling batas na nilikha nito para sa sarili nitong kairalan. Maaaring may mga estetikong batas na kinikilala ang isang lipunan sa isang partikular na yugto ng kasaysayan, ngunit sa huli, walang unibersal na pamantayan ang kagandahan ng sining. Ito ay nakabatay sa pamantayan ng lumikha, at sa pagtanggap dito ng mga nakakita, nakabasa, o nakarinig.

[45] Kahit ang isang hukbo mula sa uring magsasaka ng Bagong Hukbong Bayan ay hindi papayag na ituring ang kanyang likha na “mas maganda at mas makabuluhan” sa likha ng isang petiburgis sa kalunsuran dahil lamang siya ay isang Hukbo. Sa sobrang pagpapahalaga natin sa ‘posisyonalidad’ ng lumikha, sa totoo ay namamaliit natin ang totalidad ng kanyang praktikang pang-sining.

[46] Anu’t-anuman, malaking espasyo ng diskurso ang binukas ng mga ideyang ito sa larangan ng sining, kultura at kritikismo sa Pilipinas. Sinusuhuyan din nito ang lahat ng mga matapang na pagtatangka ng mga artista na aktibong bumalikwas sa komodipikasyon at instrumentalisasyon ng kanilang sining.

[47] Malaki ang ambag ng nagsasariling sining sa paghawan ng daan para sa isang buhay na rebolusyonaryong kultura, dahil pinasisilip nito sa mga siwang nitong nalilikha ang mas marami pang mga permutasyon ng pag-iral. Nailalantad nito ang batayang kabulukan ng namamayagpag na kolonyal at macho-pyudal na kultura, at nagsisilbing patunay na maaaring magkaroon ng mas malaya, makatarungan, at makabuluhang relasyong tao-sa-sining, sining-sa-sining, at tao-sa-tao. Pinaririnig nito ang pagbulwak ng mga bagong-

silang na isla sa Dagat ng Kawalang-Baguhan, at sa huli ay pinatataas ang ahitasyon ng mamamayan na gigil na para sa isang lipunang tunay na Iba.

[48] Ngunit ang pagpapanatili at pagpapalawak nito ay nangangahulugan ng mas matitindi pang mga laban. Panahon na upang mabatid ng mga manlilikhang Pilipino ang kanilang interes bilang sektor ng lipunan at maunawaan ang pundamental na pagkabigkis nito sa interes ng inaaping mamamayan. Sa minimum, marapat na sumanib sila sa uring anakpawis at mabatid na ang tagumpay ng manggagawa at magsasaka ay tagumpay na rin para sa tunay na mapagpalayang Sining. Sa maksimum, sila ay dapat matulak na mag-ambag sa nagpapatuloy na Rebolusyong Pangkultura, at sa mapagpalayang pakikibaka ng sangkatuhan. •

## TALASALITAAN

**Awra** - Para sa kritikong si Walter Benjamin, ang awra ang walang kaparis na presensya ng isang likhang-sining sa espasyo at kasaysayan na nagbibigay dito ng halaga. Halimbawa, ang pinintang larawan ay maaring makuhanan ng litrato at gawan ng perpektong kopya nito, ngunit ang kopya ay walang awra dahil hindi nito kayang maduplika ang ispesipikong kontekto at kasaysayan ng orihinal.

**Burgesya** - Sa Marxistang ekonomyang pampulitika, ang burgesya o kapitalista ang uri na nagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon. Maaring hatiin sa mga imperyalista (burgesyang multi-nasyunal), malaking burgesyang kumprador (mga Pilipinong middle-man ng mga imperyalista na may sariling mga negosyo at lupain), pambansang burgesya (mga lokal na negosyante na may kakayahang i-industriyalisa ang bansa), at petiburgesya (wala o may maliit na negosyo, o intelektuwal na kayang kumita ng mas mataas sa karaniwang manggagawa).

**Henyo** - Ang Henyo ay personahe sa kasaysayan ng sining na tinuturing na bukal ng inspirasyon, paglikha, at pagbabago. Sa pag-usbong ng modernong sining, unti-unting naibaba sa pedestal ang konsepto ng Henyo.

**Modernismo** - Sa sining at panitikan, tumutukoy ito sa tendensyang anti-Romantiko na umusbong sa pagtatapos ng 19th siglo sa Europa. Kinuwestiyon nito ang mga tuwid na naratibo sa panitikan, ang metro sa tula, figuratibong realismo sa sining biswal, at klasikal na tradisyon sa musika.

**Pambansa-demokratikong Pakikibaka** - Ito ang pakikibaka na isinulong ng KKK sa Rebolusyong Pilipino ng 1896 at ipinagpapatuloy ng iba't-ibang organisasyon at indibidwal sa kasalukuyan. Tumutukoy sa pakikibakang parlamentaryo ng mga ligal na organisasyon at sa armadong pakikibaka na sinusulong ng Partido Komunista ng Pilipinos, nais nitong palayain ang Pilipinas sa kontrol ng dayuhan at mga tuta nito, upang simulan ang tunay na pamamahagi ng lupa at industriyalisasyon ng pambansang ekonomya.

**Romantiko/ Romantisismo** - Tendensya sa sining; tumutukoy sa pagbibigay-halaga sa sentimental na dimensyon ng indibidwal, sa tradisyon, sa drama ng pag-iral, at sa kontradiksyong tao-sa-tao, tao-sa-kalikasan.

**PABALAT:**
Ilustrasyon ng lipunan kung saan ang lahat ng kategorya ng tao at sining ay hindi na hiwalay sa isa't-isa.

Ang TILA ay isang teksto-objek at plataporma. Nag-iibang anyo sa bawat isyu. Maaring mabasa ng libre sa tila.neocities.org

Proyekto ng Pedantic Pedestrians.

Pedantic Pedestrians